



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

## Ang Biyaya ng mga Tao sa Paraiso (Blessings of People of Paradise)



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Pinangakuan ng Allah ang mga alipin niyang mananampalataya, ang mga matitiisin, at ang mga gumagawa ng kabutihan ng paraiso. Sabi ng Allah: (Pinangakuan ng Allah ang mga lalakeng mananampalataya at mga babaeng mananampalataya ng mga hardin, sa ilalim mga ito ay mga ilog na dumadaloy, dito sila'y panghabang-buhay) Tawba:72. Tunay na inihayag ng Allah ang katangian ng paraiso at biyayang napakaloob dito upang mahikayat ang kanyang mga alipin na makamit ito bilang tagumpay.

Pinaganda ng Allah ang paraiso para sa kanyang mga alipin. Dito ay wala pang matang nakakita, wala pang taingang nakaringig ukol dito, at hindi pa pumasok sa damdamin ng sino mang tao. Ang gusali dito ay gawa sa ginto't pilak. Ang lupa nito ay yari sa musko at asapran. Ang bunga nito ay perlas at hiyas. Ito ay may mga baitang at antas, na kung saan tataas dito ang isang mananampalataya depende sa kaniyang pananampalataya at gawain. Ang Allah ay nagwika: (kung sino man ang dumating sa kanya na mananampalataya at tunay na gumawa ng mabubuting gawain, para sa kanila ay ang mga pinakamataas na baitang) Taha:75. Ang pinakamataas na baitang nito ay ang firdaus, ito ay sa ibaba agad ng Arsh ng Allah, ang Pinakamahabagin. Ang Propeta Muhammad SAWS ay nagwika: “kapag humiling kayo sa Allah, hilingin ninyo sa kanya ang Firdaus, dahil ito ang pinaka gitnang paraiso at pinakamataas na paraiso. Sa taas nito ay Arsh ng Rahman(ang Allah na pinakamaawain). At dito lumalabas ang mga ilog ng paraiso” Bukhari: 2637 at Muslim:2831.

Sabi ng Allah: (dito ay ang mga ninanais ng bawat sarili) Zukhruf:71. Dito ay may tubig-tabang, tubig na gawa sa gatas, alak na di nakakalasing, at sariwang pulot. Dito ay may ibat'ibang uri ng bunga, Karne ng ibon na inyong gugustuhin, at mga pares ng lahat ng prutas: ito ay lahat ng uri ng prutas na sa bawat uri ay iba't ibang kulay at lasa. Lalapit sa kanya ito kahit saan at anu mang oras.

Ang mga tao dito ay karamihan ay mula sa nasyon ni Propeta Muhammad SAWS. Hindi na sila matutulog dito, magkakasakit, at hindi na sila

tatanda. Mga damit nila ay yari sa sutla o silk, Mga alahas nila ay gawa sa ginto, pilak, at perlas. Ang kanilang mga higaan ay gawa sa sutla at ginto. Sinabi sa Qur'an: (sila ay di makararanas dito ng labis na init at labis na lamig) Insan:13. Ang kanilang tangkad at tayo ay tulad ng kanilang ama na si Ibrahim AS, sila ay may kuhol, ang edad nila ay tatlumpu't tatlong gulang. Kasing ganda ng kanilang mukha si Propeta Yusuf AS. May mga babae sa paraiso na tinatawag na hur'ul in. Sila ay mga naggagandahang mga babae sa kanilang mga itsura at pag-uugali. Hindi nawawala ang kanilang pagkabata. Ang kagandahan nila ay wala pang nakakakita. Para silang mga bato ng rubi at batong bulaklak sa puti. Dito ay may mga batang umiikot sa mga tao ng paraiso para pagsilbihan sila.

Ang pinakamalaking gantimpala ng isang mananampalataya ay ang makita niya ang mukha ng kanyang Dakilang Panginoon. (at sa araw na ito ang ibang mga mukha ay magniningning at kikislap sa kagandahan, sa kanilang panginoon ay nakatingin) Qiyama:22-23. Sila dito ay panghabang buhay na maninirahan. Ang tunay na tagumpay, ang paraiso ay makakamit sa pamamagitan ng magandang gawain at sa pamamagitan ng pagtitiis. Nang sa gayo'y makamit ng isang mananampalataya ang walang-hanggang kaligayahan. Ang buhay sa mundo ay tiyak na lugar lamang na dadaanan patungo sa buhay na walang hangganan.